



Sofibats by
Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani

PAGTAGO NG PAGKAKAMALI

*Assalamu Alaykum wa Rahmatullah wa Barakatuh,
Auzu Billahi Minashaytanir Rajeem. Bismillahir Rahmanir Raheem,
Wassalatu Wassalamu ala Rasulina Muhammadin Sayyidul Anwalin wal Akhirin, Madad
Ya Rasulallah, Madad Ya As'habi RasuLillah, Madad Ya Mashayikhina, Sheykh Abdullah
Daghestani, Sheykh Nazim al-Haqqani. Dastur.
Tariqatunas sobba, wal khayru fil jamiyya*

Ang ating tariqa ay nagbibigay tungkulin sa mga mureed na sundin ang Shaykh dahil sinusundan niya ang Propeta Muhammad alayhis salatu was salam at ang daan na kanyang pinakita. Ang tariqa ay isang daan, daan ng Propeta Muhammad alayhis salatu was salam. Maraming daan pero isa lang ang tunay. Ang pagsunod dito ay fard at magbibigay kaligtasan at kaligyan. Ang mga masasamang tao ay mula sa masamang daan.

Ang banal na Propeta Muhammad alayhis salatu was salam ay nag-ukit ng isang daan sa buhangin kasama ang ilang mga linya at kanyang sinabi na ang sinoman ang dadaan dito ay ligtas at ang titiwalaga sa tamang daan o pupunta sa ibang linya ay mawawala. Ang isang tao ay maaaring pinakamayaman at sikat ngunit siya maaaring mahal ng demonyo sa mundo. Wala siyang maitutulong sa iba kung hindi paghihirap. Paghihirap lamang ang kanyang dala sa kanyang sarili

Ang mga ginawa ng Allah na nagbibigay paghihirap ay walang saysay at di kailangan. Walang ginawa ang Allah na walang saysay ngunit ito ay isang pagsubok lamang. Ito'y mga pagsubok para sa atin upang tayo'y mapalapit sa kanya. Bibigyan siya ng Allah ng iba't ibang biyaya kapag ika'y nagpakita ng tunay na pananampalataya at pananalig sa kanya.

1. Fard 2. Baraka 3. Nimat

Sinusubukan ng mundo na dalhin sa masama ang mga tao. Pinapaisip niya sa tao na di ka na mamamatay. Di nila alam na ang kamatayan ay darating kahit na anong mangyari. Wag kayong magpaloko sa mundo at mag-ingat dahil kapag ika'y may takot sa Allah mas maiiligtas ka.

Wag mong pagkatiwalaan ang iyong Nafs! Isipin mong lagi kang binabantayan at nakikita ng Allah. Ika'y magjihad sa iyong Nafs hanggang sa sundin nito ang utos ng Allah at lumayo sa Haram.

أَعْدَىٰ عَدُوِّكَ نَفْسُكَ الَّتِي بَيْنَ جَنْبَيْكَ

“A'da 'aduwika nafsuk allati bayna janbayk,” said our Holy Prophet (SAW). Ang ating Nafs ang pinakamahirap nating kalaban. Magjihad ka dito at wag mong bigyan ng pagkakataon. Madaming Shaytan ang nagpapalayo sayo sa tamang landas.

www.hakkani.org / www.hakkaniyayinevi.com



Sofibats by Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani

Pag ikaw ay nasa tariqa, bigyan mo ng halaga ang sinasabi ng Shaykh at magpatuloy sa daang kanyang pinakita. Wag mong tignan ang pagkakamali ng iba sapagkat lahat tayo ay nagkakamali, Ang mga propeta lang ang di nagkakamali. Tignan mo ang sarili mong pagkakamali. Takpan mo ang pagkakamali ng iba at ang Allah na Sattar ay tatakpan ang iyong pagkakamali.

Ito'y isang mahalangang bagay din dahil karamihan sa mga tao ngayon ay binabalita ang kung ano mang maliit o malaking situwasyon na nangyayari. Ito'y di mabuti at gawain ng shaytan. Ang manglalait sa isang tao ay lalaitin. Ang katangian ng pagtakip ng kamalian ng Iba o Sattar ay mabuti.

Takpan mo at tatakpan ng Allah ang mga kasalanang iyong nagawa. Kapag tayo'y nakagawa ng kamalian patago ay di ito pinapakita ng Allah sa iba. Sapagkat pag ito'y nakatakip o nakatago ay di niya ito bibilangin sa Araw ng Paghukom, patatawarin niya tayo.

4. Dunya 5. Struggle 6. Nafs

Kung hindi, sinasabi nila kung bakit itatago ang isang bagay mula sa mga alipin ng Allah dahil alam niya naman ito, bibigyan siya ng karampatang parusa ng Allah.

Protektahan nawa tayo ng Allah mula sa Nafs at ipagpatuloy tayo sa tamang landas. Ang daan ay di mahirap ngunit ang Shaytan lamang ang nagpapahirap dito. Ito'y magandang daan. Ang daan ng Allah at Propeta Muhammad alayhis salatu was salam. Sana'y paramihin ng Allah ang makakakita ng magandang daan na ito para magkaroon ng barakah ang isang lugar..

Pag ang tao'y magiging mabuti siya'y makakaramdam ng kaginhawaan at baraka. Ang pagiging masama ng isang di mananampalataya ay kumakalat sa isang bansa. Nawawalan ng kapayapaan at barakah ang isang lugar hanggang sa wala na. In Sha Allah kakalat ang tariqa na ito at dadami pa ang mga Mashaykh na magtuturo ng magandang asal. Masira nawa ang shaytan at ang mga masasama.

Wa Minallah at-Tawfeeq.
Al-Fatiha.

Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil
13 February 2016/4 Jumada al-Awwal 1437
Post-Hadra, Akbaba Dargah

7. Kafir 8. Shaykhs 9. Akhlaq